

# 1

He could get used to that sweet apple scent.

Sumiksik siya palapit, hinayaang mapuno ang ilong niya ng bangong iyon. Nakapikit at nakangiting hinila niya ang malambot, mabango at mainit na katawan ng babaeng katabi. He definitely wouldn't mind waking up to someone with such a refreshing smell. It made him think of gardens and flowers. Napabuntong-hininga siya.

Then, something hit him. Malinaw sa alaala niya na mag-isa siyang natulog nang nakaraang gabi. At sa buong twenty-eight years ng buhay niya ay hindi siya nagpatulog ng babae sa loob ng silid niya. At pamilyar sa kanya ang amoy na iyon; sa sobrang pamilyar ay kinakabahan siyang imulat ang kanyang mga mata at malaman kung sino ang kayakap niya. Pero alam niya na hindi siya maaaring manatili sa posisyon na kinalalagyan at baka biglang mapasukan sila ng mommy niyang kadarating lang kahapon galing sa probinsya, o kaya ng kapatid na si Peter.

Bumalikwas siya ng bangon at hindi nga siya nagkamali. May katabi siyang babae sa kama at parang kinikiliti ito ng mga anghel base sa ngiti na

nasa magagandang labi nito. Nakakalat sa unan niya ang mahaba at kulot na buhok nito at naka-expose sa paningin niya ang isang makinis na hita. Sinasabi na nga ba niya, hindi siya dapat na pumayag na manatili sa bahay nila si Ysabella kahit pa ipinakiusap pa ito ng nanay niya. Ni hindi na nga ito nakapaghintay na makaalis ang mommy niya at gumawa na kaagad ito ng kalokohan.

“Hey, wake up!” Bahagya niyang niyugyog ang balikat nito, hindi siya makapapayag na datnan sila ng ina sa ganitong ayos at baka ma-shotgun wedding siya nang wala sa oras.

Ni hindi natinag ang dalaga, sa halip ay hinanap pa nito ang katawan niya at muling iniyakap ang sarili sa kanya. Marahas siyang humugot ng hininga at nilakasan ang pagyugyog dito.

“Gumising ka riyan, Ysabella, bago kita itapon palabas ng kuwarto ko.” May halong pagbabanta ang tinig niya at mukhang effective iyon dahil nagmulat ng mga mata ang babae at ngumiti sa kanya na para bang araw-araw siya nitong nagigisnan paggising nito sa umaga.

Natagpuan niya ang sariling nakatitig sa mga mata nito. He had always been smitten with her eyes since she turned eighteen. Ysabella’s lovely eyes

had always been his downfall. They simply made his insides go crazy whenever she looked at him with those innocent eyes.

Nag-iwas siya ng tingin at bumaba ang mga mata niya sa maliit at matangos nitong ilong pababa sa mapupulang mga labi. It was a wrong move on his part because he began wondering how it would feel to kiss those lusciously delicious lips first thing in the morning.

“Wala ba akong good morning kiss?” Muntik na siyang mapatalon palayo sa kama niya sa sinabi ni Ysa. She was pouting, and he really had an urge to kiss her senseless. Pero hindi iyon makabubuti sa sitwasyon niya dahil iniwasan niya nga ang dalaga. Sumeryoso siya at matalim itong tinitigan.

“Bakit nandito ka sa kuwarto ko? How many times do I have to tell you na hindi magandang tingnan na basta-basta ka na lang pumapasok sa loob ng kuwarto ng isang lalaki? And worse, you even slept beside me. Hindi ka ba nahihiya sa mga pinaggagawa mo ha, Ysabella?” panenermon niya na para namang hindi nito ininda.

Umupo ito sa kama niya at sinuklay ng mga kamay ang mahaba nitong buhok. Again, he was captivated. Parang nanuot muli sa ilong niya ang

amoy ng gamit nitong shampoo. Pinigil niya ang kanyang paghinga upang makawala sa spell na dala ng babae sa kama niya.

“Hindi ako natulog dito kung iyan ang iniisip mo. Pinapatawag ka na ni Tita kasi kakain na. Kaso sobrang cute mo habang natutulog kaya hindi ko napigilan ang sarili ko; tinabihan na kita. But don’t worry wala akong ginawa sa iyo, hindi kita ginapang kung iyan ang ipinag-aalala mo. And please lang, Steven, stop treating me as if ibang tao ako at eighteen pa rin ako. I’m already twenty-four at sabi ni Tandang Selya, tayong dalawa raw ang magkakatuluyan, so sooner or later ay gagawin din natin na gumising sa umaga nang magkatabi. Hindi ba mas maganda na mag-practice na tayo habang maaga para hindi na tayo mabigla?” mahabang litanya nito na mas lalong nagpadilim ng mood niya.

She just stated the reason why he was so against her staying in their house. Kung hindi ito nababaliw ay biktima ito ng pagka-brainwash ng lahat ng mga tao sa baryong kinalakhan ng mommy niya. It was so foolish, it was insanely ridiculous na isipin nito na sila ang para sa isa’t isa dahil lang sa sinabi ng isang matandang manghuhula ng Baryo Pulang Bato. At ang pinakanakakainis, maging ang sarili niyang ina ay kinakampihan at kinukunsinti ang kalokohan ng

babaeng ito.

“Twenty-four ka na nga, pero naniniwala ka pa sa mga kalokohang iyon. Kung gusto mo na magkasundo tayo habang nandito ka sa pamamahay ko ay kalimutan mo ang tungkol sa hula dahil sa totoo lang, kahit na ano’ng gawin mo, hinding-hindi mo ako mapapaniwala na ikaw ang babaeng pakakasalan ko. Isipin ko pa lang ’yun, kinikilabutan na ako.” Tuluyan na siyang tumayo at tinungo ang pintuan ng banyo. Alam na kasi niya ang kasunod ng usapan na iyon, tiyak na dadramahan na naman siya ng babae na dapat siyang maniwala dahil marami nang makapagpapatunay sa galing ng naturang manghuhula sa baryong iyon. Sa katunayan, kung si Madam Auring ay sikat sa showbiz, ganoon ang level ng matanda sa baryo nila. Ayos lang sana kung hindi siya ang malas na biktima. Ang kaso ay pinepeste siya at pinagkakaisahan ng lahat kaya bad trip talaga siya sa babaeng ito.

“Bakit ba kasi ayaw mong maniwala? Kita mo ang daddy at mommy mo, si Mama at Dada ko, naging happy ever after ang love story dahil kay Tandang Selya. Dapat nga magpasalamat ka dahil sigurado nang magiging maligaya ka sa piling ko.”

Nilingon niya ito, nakatayo na rin ito.

Napakamanhid talaga dahil nakuha pa nitong ngitian siya nang matamis kahit na todo iwas siya rito.

“Well, hindi ako ang mga magulang natin at mas lalong hindi ako naniniwala sa hula. Sa palagay mo, puro lang ba destiny ang lahat sa mundong ito? Kung nasaan man ako ngayon, hindi iyon dahil sa tadhana o sa hula. I worked hard for it. I was the one who decided which path to take. I took the risk and succeeded. Walang kinalaman ang mga bituin o heavenly bodies sa nangyayari sa buhay ko. So please stop pestering me about us being meant to be. I don’t believe it and I won’t buy it kahit na ano pa’ng gawin mo.” Binuksan niya ang pintuan ng banyo. “I want you out of my room, Ysa, at huwag na huwag ka nang papasok ulit dito.” Tuluyan na siyang pumasok sa banyo, mayamaya ay narinig na niya ang paglabas ng dalaga mula sa kanyang kuwarto.

---

“O, nasaan na si Steven? Hindi pa ba siya bababa?” tanong ng Tita Marga niya nang makita siyang papasok sa dining area ng bahay ng mga ito.

“Bababa na raw po siya, maliligo lang,” tipid na sagot ni Ysa bago inokupa ang isang silya. Isinama siya ng ginang sa bahay ng mga ito nang nalaman na sa Maynila na siya magtatrabaho bilang accountant

ng isang NGO. Ang totoong balak niya sana ay umupa ng bahay o kuwarta, subalit mariin na tinutulan ito ng mommy ni Steven. May bahay naman daw ang mga ito sa Maynila at ang dalawang magkapatid lang ang naroon. Kaysa gumastos pa raw siya sa pag-upa ng bahay ay doon na lang din daw siya tumira, tatal ay malapit naman ang pamilya nila sa isa't isa.

Magkakaibigan na ang mga pamilya nila mula pa noong World War II. Ang lolo niya ay matalik na kaibigan ng abuelo ni Steven, at inaanak pa nito sa kasal ang mga magulang niya. Nang mamatay ang mga magulang niya three years ago ay mas naging malapit siya sa pamilya Rodriguez dahil na rin magkapitbahay lang sila. Magiliw sa kanya ang matandang babae lalo na nang malaman nito ang hula tungkol sa kanya at ang pagsinta niya sa panganay na anak nito. Kumbaga, all out support ang ginang sa kanyang adhikain kaya hindi na siya nagpakipot pa at tinanggap agad ang alok nito.

Ang kaso, ang leading man sa love story niya ang lumilitaw pa na siyang kontrabida. Simula noong nalaman nito ang tungkol sa hula ay parang isang nakakahawang sakit na ang turing nito sa kanya. Hindi na siya nito nginitian uli; palaging nakakunot ang noo nito na para bang parati siyang may gagawing kung anong karima-rimarim. Hindi rin lingid sa kanya

na tutol ito sa pagtira niya sa pamamahay nito. Kung hindi lang nakiusap si Tita Marga, malamang ni hindi siya makakatapak man lang sa bahay ng lalaki.

Napangiti siya nang maalala ang hitsura nito kanina habang natutulog. Pinagsawa niya ang mga mata sa pagmamasid sa mahahabang pilikmata nito, sa matangos na ilong at sa mga labi nito. He looked so innocent and kind, taliwas sa ekspresyon nito tuwing gising at nakikita siya. Kaya naman ang simpleng pagmamasid ay nauwi sa pagyakap dito. She was suddenly enveloped with a feeling of security when she felt his warm and hard body against hers. Hindi ito masyadong maskulado subalit alam niya na kaya siyang ipagtanggol ni Steven sa kahit na sinong mananakit sa kanya. At aaminin niya na masarap itong kayakap lalo na sa umaga.

“Siguro nabasted ka na naman, ’no, Ate Ysa?”

Nagising siya mula sa pagpapantasya sa lalaki nang magsalita ang kapatid nitong si Peter, na nakabaon na naman ang paningin sa libro habang kumakain. Natural nang eksena iyon sa twenty-year-old na binata lalo na ngayong malapit na ang board exam nito.

“Hindi naman masyado, hindi naman niya ako tinapon palabas ng room niya.” Inabot niya ang plato

ng hotdog at nagsimula nang lagyan ang pinggan niya.

Umupo na rin ang mommy ng dalawang binata at nakisalo sa almusal. “Talagang hindi ka niya maihahagis palabas hangga’t nandito ako,” sabi pa ng ginang na ikinatawa nilang tatlo.

“Lagot na, Mommy, pag-uwi mo. Siguradong lalabas ang totoong kulay ni Kuya,” ani Peter; dinampot nito ang tasa at uminom ng kape. Alam niyang hindi malayong magkatotoo ang hinala nito.

“Hindi rin ako matitiis n’un.” Kahit siya ay hindi kumbinsido sa mga sinabi, pero mas magiging magaan ang lahat para sa kanya kung maniniwala siya na magiging okay din ang lahat sa pagitan nila.

“Pero minsan, Ate Ysa, sungitan mo naman si Kuya para medyo mauntog ang ulo at umamin na rin na may gusto rin siya sa iyo. Kung palagi kang nandyan, malamang abutin na ng taghukom ang pagsinta mo, hindi ka pa rin nakaka-first base sa kanya,” payo ni Peter na hindi rin itinatago ang pagkagiliw sa kanya.

“May point ka roon, Anak. Ang hirap kasi sa kuya mo, masyadong pakipot at medyo may pagka-cynic. Manang-mana sa daddy ninyo,” sang-ayon ng ginang.

Ang totoo ay ginawa na niya ang suhestyon ng mga ito. Ang kaso ay lumipas ang isang buwan ay hindi pa rin siya pinapansin ng binata kaya balik siya sa dating strategy niya na pagiging sweet dito. Naisip nga niya, sana hindi na lang nito nalaman ang tungkol sa hula kasi dati itong magiliw sa kanya. At ang sabi pa ni Peter ay muntik na siyang ligawan noon ng kuya nito, naunsiyami lang dahil nga may nagsabi rito na hinulaan siya ni Tandang Selya. Tila nag-conspire naman ang universe noon dahil nga dumating ang binata sa buhay niya. Huminto ang pagtibok ng puso niya noong ngitian siya nito noon. It was as if logic and even her body defied gravity. She found herself falling hard and fast for him.

Napalingon siya sa bukana ng kusina nang mahagip ng ilong niya ang amoy ng bagong ligong si Steven. Saglit na nagtama ang mga mata nila bago ito nag-iwas ng tingin. Dumerecho ito sa upuan ni Tita Marga at humalik sa pisngi nito. Saka pa lang nito inokupa ang upuang katapat niya.

“Uuwi na ako, Hijo, mayamaya. May aasikasuhin pa kasi ako sa manggahan bukas,” paalam ng ginang sa bagong dating.

“Bakit hindi ka muna mag-stay dito, Mom, kahit one week lang? Miss ka na namin ni Peter.”

Inabot ni Ysa ang bandehado ng kanin dito at natigilan sila pareho at nagkatitigan nang masagi nila ang daliri ng isa't isa. Tila napapaso na mabilis niyang binitawan ang lalagyan at ipinagpatuloy ang pagkain.

“Pagkatapos na lang ng anihan, Hijo. Marami pa kasi akong kailangang asikasuhin. At alam mo naman mula noong masanay ako sa buhay sa probinsya, medyo allergic na ako sa hangin sa Maynila.” Bahagyang tumawa ang ginang. “Ihatid n’yo na lang ako ni Ysa ’tapos samahan mo na rin siya sa mall at baka may gusto siyang bilhin. Mag-uumpisa na siya sa opisina bukas, eh.”

Pinigilan niya ang sarili na mag-angat ng tingin at baka makita ng binata kung gaano siya kasaya na makakasama niya ito. Kailangan talagang pasalamat na niya si Tita Marga sa kabaitan nito sa kanya. Hulog talaga ito ni Cupido.

“Bakit hindi na lang si Peter ang sumama sa kanya?” Hindi itinago ni Steven ang pagkairita sa sinabi ng mommy nito.

Nag-angat ng ulo ang nakababatang lalaki mula sa binabasa. “Sorry, Kuya, hindi ako puwede. May review session ako ngayon kasama sina Tony.” Kinindatan siya ni Peter, tipid na nginitian naman

niya ito.

“Wala namang problema, Hijo, kung ayaw mo. Ako na lang ang tutulong sa kanya ’tapos siya na rin ang maghahatid sa akin sa terminal. Mukha naman yatang busy ka, eh.” May halong pangungonsyensya ang tinig ng Tita Marga niya.

Huminga nang malalim si Steven, halatang nagtitimpi lang ito at malapit nang maubusan ng pasensya.

“Okay, ihahatid na kita, Mom, at sasamahan ko na siya,” sabi nito.

Nagdiwang ang mga anghel sa paligid niya sa narinig. Para silang magde-date, at sisiguraduhin niya na magiging memorable ang araw na iyon para sa kanilang dalawa. Isinubo niya ang kanin at nagplano na sa utak ng mga maaari niyang gawin kasama ang lalaking itinadhana para sa kanya.

## 2

Umikot si Ysa sa harapan ng salamin at nakangiting pinagmasdan ang sarili. Ipinatong niya sa suot na pambahay ang isang pink apron na maraming ribbons and laces. She tied her hair in a neat ponytail making her look like a blushing young wife.

Isa iyon sa mga dahilan kung bakit tinanggap niya ang offer ng Tita Marga niya na manatili sa bahay ng mga ito. Gusto niyang ipakita kay Steven na wife material din siya at nais niyang mag-practice na rin sa pagiging isang mabuting maybahay rito.

Napatingin siya sa orasan sa loob ng silid niya. Alas cinco na ng umaga, kailangan na niyang bumaba para magluto ng almusal para sa magiging asawa niya. Bahagyang tinapik niya ang kanyang mga pisngi dahil hindi niya mapigilan ang paggapang ng init sa mga iyon. She was acting like a silly schoolgirl but then again, she had been doing silly things ever since she met him.

Bigla ay naalala niya ang unang araw na nakilala niya ang lalaki. Naglalakad siya noon sa ilog malapit sa kanila nang maisipan niyang maligroon. Katatapos pa lang noon ng debut niya, at

talagang kinakabahan na siya dahil ang sabi sa kanya ng matandang manghuhula ay may isang lalaking darating at magliligtas sa kanya sa isang kapahamakan pagtuntong niya ng eighteen. Ang taong iyon daw ang makakatuluyan niya, ang itinadhana ng mga bituin para sa kanya.

She had been very anxious eversince. Sino ba naman ang hindi? Naiinis siya dahil pakiramdam niya ay wala na siyang kalayaan noon na mamili ng taong mamahalin niya. Sa lalim ng iniisip niya ay hindi niya namalayan na lumakas ang ragasa ng ilog at natatangay na siya niyon. Makulimlim din ang kalangitan at naramdaman na niya ang mahinang patak ng ulan sa pisngi niya. Bigla siyang nag-panic at pinilit na huwag matangay ng malakas na agos. Hanggang sa bigla na lamang siyang nawalan ng malay at ang huling bagay sa gunita niya ay ang tila isang tinig na tumatawag sa kanya.

*Isang anghel ang nakita niya nang magkamalay na siya. Basang-basa ito at nakatitig sa kanyang mukha na animo siya ang pinakamagandang bagay na nakita nito. She caught her breath as he pinned her with his deep gaze. Wala siyang nakikita kundi ang mga mata nitong nakatitig sa kanya; wala siyang naririnig kundi ang mabilis na tibok ng kanyang puso at ang mahinang paghinga ng lalaki. May palagay siya*

*na tumigil ang pag-ikot ng mundo nang mga sandaling iyon ng buhay niya.*

*“Are you okay?” mahinang usal nito, tila hinaplos ng tinig nito ang kanyang puso. Hindi niya magawang magsalita, kaya tumango na lang siya. Bahagya itong lumayo sa kanya, isinuklay ang mga daliri sa basang buhok nito. Nahigit niya ang hininga lalo na at nakabakat sa basa ring t-shirt nito ang malapad nitong dibdib.*

*Napalunok siya, hindi makagalaw mula sa pagkakahiga sa damuhan. Pero alam niyang kailangan niyang tumayo at magpasalamat sa estrangherong tumulong sa kanya. Umupo siya, lumingon ang lalaki at bahagyang nagtagal ang mga mata nito sa bandang dibdib niya bago ito nag-iwas ng tingin.*

*Sinundan niya ang tiningnan nito at halos mamatay siya sa hiya nang mapansin na nakabakat ang dibdib niya sa suot niyang t-shirt. Mabilis na tumalikod siya mula sa lalaki, narinig niya ang bahagyang pagtawa nito.*

*“S-salamat,” utal niya, nanginginig at kinakabahan siya. Subalit kakaiba iyon sa kabang nararamdaman niya kapag nasa trouble siya. Sa halip ay gusto niya ang malakas na tibok ng kanyang puso. It was so wonderful that she felt light and happy. Para bang*

*buhay na buhay ang pakiramdam niya. And that moment she knew in her heart that she fell in love.*

*Huli na lang nang maalala niya ang tungkol sa hula.*

Napabuntong-hininga si Ysa, kahit paano ay naiintindihan niya ang binata kung bakit tila hindi nito matanggap na silang dalawa ang para sa isa't isa. Hindi nga ba at siya man ay may ganoong pag-aalinlangan noon? Marahil iniisip nito na hindi siya bagay para rito. Kaya hindi lang siya basta aasa sa mga bituin sa langit, gagawin niya ang lahat para mahalin din siya nito.

Nang maalala na kailangan pala niyang magluto ng almusal ay mabilis na bumaba siya sa kusina.

---

“What are you doing?” nakakunot-noong tanong ni Steven kay Ysa nang datnan niya ang babae na pakanta-kanta sa kusina at nakasuot ng isang pink apron na punung-puno ng mga ribbons at laces. Natigilan ito nang makita siya at bahagyang namula ang mga pisngi bago ngumiti nang pagkatamis-tamis. She looked like a yummy strawberry cake with the apron and the blushing cheeks.

“Good morning. Upo ka na, sandali na lang ang

bacon 'tapos, kakain na tayo.” Sinalinan nito ng kape ang tasa niya. Lumapit siya sa mesa at naupo sa kanyang puwesto.

“Bakit ikaw ang nagluluto? We don't usually eat breakfast here. Madalas sa office na ako kumakain so hindi mo na kailangang magluto.” Tinanggap niya ang tasa na iniabot nito; nagdalawang-isip kung iinumun iyon o hindi, dahil baka may gayuma ang naturang inumin.

“Hoy, Steven, mahiya ka. Hindi na kita kailangang gayumahin 'no.” Pinanlakihan siya nito ng mga mata bago binalikan ang piniprito. Napapailing na itinuloy na lang niya ang paghigop ng kape.

“Ouch!”

Napatayo siya nang marinig ang sigaw nito. Mabilis siyang lumapit upang makita kung ano ang nangyari sa dalaga.

“Ano'ng nangyari?” He didn't want to sound so concerned about her, pero ganoon lumabas ang tanong niya. Napansin niya ang namumulang daliri nito, mukhang napasos ito sa kawali.

Mangiyak-ngiyak si Ysa habang nakatingin sa kanya. Kilala niya ang babae, mababa ang pain tolerance nito. Malamang na iiyak ito kung hindi

siya kaagad na gagawa ng paraan. Pinatay niya ang stove at kinuha ang kamay ng dalaga. Dinala niya ito sa sink at pinadaluyan ng malamig na tubig ang paso nito.

“Masakit pa ba?” untag niya habang patuloy ang ginagawang pagmamasaha sa kamay nito.

“Hindi na masyado.” Narinig niya ang paggaralgal ng tinig nito. Marahas na napalingon siya sa dalaga at hindi nga siya nagkamali, nangingilid ang luha nito habang nakatingin sa kanya.

“Akala ko ba hindi na masakit? Bakit umiiyak ka pa diyan?” Binitawan niya ang kamay nito at kinuha ang first aid kit sa cupboard. Nakaupo na ito sa isang upuan, pero malungkot pa rin ang mga mata.

Napabuntong-hininga siya. Ano naman kaya ang drama nito ngayon? Lumapit siya at naupo sa kabilang upuan. Hinagilap niya ang palad nitong may paso at pinahiran iyon ng gamot.

“Are you okay now? Wala na bang masakit sa 'yo?” Inilagay niya ang gamot sa kit, mukhang okay na naman ang dalaga kung hindi lang tila nagbago ang mood nito. Marahan itong tumango at pagkatapos ay tumayo na upang harapin ang niluluto. Sinundan niya ang dalaga at hinawakan ang mga balikat nito.

Giniya niya itong muli para maupo sa isang silya.

“Umupo ka na doon, ako na ang tatapos niyan.” Binalikan niya ang niluluto ng babae at hinango ang mga bacon mula sa frying pan. Pagkatapos, inilagay niya ang mga iyon sa mesa.

“Sorry.” Mukhang depressed nga ito dahil sa nangyari.

“It’s not your fault. Aksidente iyon. Mag-ingat ka na lang sa susunod.” Nilagyan niya ng kanin ang plato ni Ysa at pinagsalin ito ng kape sa isang tasa. Nilagyan na rin niya iyon ng gatas at asukal. Biglang nagbago ang mood nito; parang isang bata na nakaiwas sa panenermon ng magulang kung makangiti.

Napabuntong-hininga si Steven. Ano nga ba ang gagawin niya kay Ysa?

Pumasok sa kusina si Peter at nangingiting pinagmasdan sila.

“Hanep, ah! Para kayong bagong kasal,” biro nito sabay kindat sa kanya.

Tumikhim siya at bahagyang lumayo sa babae. Nilagyan na rin niya ng pagkain ang plato niya at nagsimulang kumain. Nalimutan nang sasabihan nga pala niya ang dalaga na huwag nang magluto

ng agahan.

“Uy, may sinangag.” Excited na dumulog ang nakababatang lalaki sa hapag-kainan at pinuno ng pagkain ang plato. “Mas maganda talaga kapag may babae sa bahay. Ate, ’luto ka ulit bukas, ha.” Ganadong sumubo ito ng pagkain. Pinanlakihan niya ito ng mga mata, subalit dinedma lang siya nito.

“Peter, hindi natin katulong si Ysa. At may pasok pa siya, kaya hindi ka dapat umarte nang ganyan,” sawata niya sa kapatid.

Nagkibit-balikat lang ito at nagpatuloy sa pagkain.

“Okay lang talaga ako, Steven. Isa pa, libre naman ang pagtira ko rito kaya hayaan mo na lang akong magluto ng pagkain natin.” Nagkatinginan pa ito at ang kapatid niya.

Bakit may pakiramdam siya na napagkaisahan siya ng mga ito? At bakit may palagay siya na hindi ito ang huling pagkakataon na malalagay siya sa ganitong sitwasyon? Muli ay bumuntong-hininga siya; nagiging habit na yata niya iyon mula noong dumating ang dalaga sa bahay niya.

“Okay, ikaw ang bahala.” Nagpatuloy na siya sa pagkain.

Nang matapos sila ay hindi niya hinayaan na si Ysa ang magligpit ng pinagkainan nila.

---

“Ysa!” tawag ng kanilang boss na si Wilfred nang marating na niya ang elevator.

Natigilan siya nang makita ang lalaki na papalapit sa kanya. Isang linggo na siyang nagtatrabaho sa *Lingap*, isang NGO na nangangalaga sa mga kabataan na biktima ng child labor. Accountant siya roon at agad niyang nakasundo ang mga kasamahan lalo na ang boss nila na sobrang bait at super guwapo pa. Sa katunayan ay maraming babae sa office ang may crush kay Wilfred. Kaso, mukhang pihikan ito. Wala siyang nababalitaan na idine-date nito.

“Sasabay sana ako sa ’yo,” anito.

Tumango siya at tahimik na naghintay na magbukas ang elevator. Tahimik siya hanggang sa marating nila ang lobby. Kanina pa ito pasulyap-sulyap sa kanya na animo may gustong sabihin. Nang nakalabas na sila ng building ay bigla itong nagsalita.

“Can I invite you to dinner? Medyo late na kasi at mag-isa lang akong kakain sa bahay. Kung okay lang naman sa ’yo, puwede mo ba akong samahan?” nahihiyang tanong nito.

Bahagya siyang nabigla roon, pero wala naman sigurong malisya ang imbitasyon nito. Papayag na sana siya na samahan ito nang biglang may nagsalita sa likuran niya.

“Ysa, kanina pa kita hinihintay,” anang baritonong tinig na pamilyar na pamilyar sa kanya. At hayun na naman ang puso niya, ayaw na namang paawat sa malakas na pagtibok.

Hinarap niya ang lalaki. He had a weird expression on his handsome face. Galit ba ito? Imposible dahil wala naman siyang nagawang kapalpakan ngayong araw.

“Hindi ko naman alam na susunduin mo ako,” himutok niya. Subalit hindi sa kanya nakatingin ang nandidilim na mga mata ng binata, kundi kay Wilfred. Nakipagsukatan din ng tingin ang boss niya rito. Hindi siya sigurado pero parang biglang nagka-electric charge ang hangin sa paligid nila. Alanganin siyang ngumiti at binalingan ang kanyang boss.

“Sorry, Sir Wilfred, nandito na ang sundo ko, eh. I-set na lang natin next time ’yung dinner.”

Tumango ang lalaki at pagkatapos ay nagpaalam na mauuna na. Napakamot siya sa sentido; ni hindi man lang niya naipakilala ang dalawa.

“Sino iyon? Nanliligaw sa ’yo?” Kung hindi niya kilala si Steven ay iisipin niyang nagseselos ito sa boss niya, pero...

Natigilan siya at mataman na pinagmasdan ang mukha nito. His face was still grim. She could sense that he was angry about something. Nagseselos nga kaya ito? She found herself smiling. Kinikilig siya na isipin na mahalaga rin siya para rito.

“Why are you smiling like an idiot?” Hindi nito itinago ang pagkairita.

“Boss ko iyon, at hindi siya nanliligaw sa akin.”

Narating nila ang kotse nito. Kaagad na pinagbuksan siya ng lalaki ng pinto at ilang saglit pa ay tinatahak na nila ang kahabaan ng Araneta Avenue.

“Bakit inaaya kang mag-dinner? At may next time ka pang nalalaman.”

“Kasi nga, mag-isa lang daw siya sa bahay. Ayaw niyang kumaing mag-isa kaya tinanong niya ako kung puwede ko siyang samahan na kumain,” sagot niya.

Pinagmasdan niya ang lalaki na naka-focus sa pagmamaneho. Nakakunot ang noo nito; waring nag-iisip kung paniniwalaan ang sinabi niya. Napangiti

siya at bahagyang inilapit ang labi niya sa tainga nito.

“Huwag ka na ngang mag-worry riyan. As if naman ipagpapalit pa kita,” bulong niya.

Napasinghap ang binata. Tumigil sila ng maging red ang stoplight. Bigla itong humarap sa kanya; bahagya siyang napaurong dahil halos magkadikit na ang mga labi nila. Ngumisi ito nang nakakaloko bago siya nito hinapit at inilapit din ang bibig sa tainga niya. Gumapang ang masarap na kilabot sa kanyang katawan nang dumampi ang mainit na hininga nito sa kanyang balat.

“No, Sweetheart, I’m not worried at all. You can date whoever you like, wala akong pakialam. Just leave me alone and stop your silly illusions that we will be together someday because it’ll never happen. Itaga mo iyan sa bato.” Binitiwang siya nito at pinaandar na ang sasakyan.

Maang na napatingin siya sa binata; tila mas dumilim pa ang mukha nito. Mahigpit din ang pagkakahawak nito sa manibela.

So okay lang dito kahit na sumama siya sa ibang lalaki? Bigla ay nagrebolusyon ang kalooban niya. He was being cruel to her again. How could he say such things when he knew she was in love with him?

“Fine, eh di, makipag-date. Tatal, mabait naman si Sir Wilfred, super guwapo pa.” Humalukip siya at inirapan ito. Ang hinayupak ay ni hindi man lang siya sinuyo. Lalo tuloy nag-init ang ulo niya. Ang sama talaga.

Hanggang sa marating nila ang bahay nito ay hindi siya nito kinikibo. Ngunit nang naglalakad na sila papasok ng bahay ay bigla siya nitong hinila palapit.

“Before I forget, pakisabi mo sa boss mo na ang baduy ng style niya, kaya talagang maiinsulto ako kung siya lang ang ipapalit mo sa akin, Ysabella.” Binitawan siya nito at nagpatuloy na sa pag-akyat sa second floor. Nang mag-sink in ang sinabi nito sa utak niya ay hindi niya napigilang mapangiti. Pakantakanta na umakyat siya sa kanyang silid.

# 3

Natigilan si Steven mula sa balak na pagpasok sa kanyang kuwarto nang magkasalubong sila ni Ysa na eksaktong papalabas sa common bathroom sa dulo ng pasilyo sa itaas.

Ang silid niya ang tanging may sariling banyo dahil iyon ang dating masters bedroom ng mga magulang niya. Si Peter ay nasa ibaba ang silid dahil malapit iyon sa library na paboritong tambayan ng kapatid. Kaya silang dalawa lang ng dalaga ang nasa itaas nang mga sandaling iyon. Naisip niya na malamang sa hindi, sadyang inilagay roon ng mommy niya ang dalaga dahil sa isang rason—iyon ay ang paglapitin silang dalawa.

Mukhang natigilan din ang babae na noon ay nakabalot lang ng tuwalya. Nakalugay ang buhok nito at medyo basa pa rin ang mga balikat, making her look so sinfully tempting.

Naalala niya bigla ang nangyari nang nakaraang araw nang sunduin niya ito sa opisina. Something hit him when he saw her smiling and talking to that guy. The feeling was dark and ugly, and he did not like it. Ni hindi niya naisip na maaaring may mga

lalaki na magkakagusto sa dalaga. Kahit pa hindi iyon imposible, lalo na at nasa harapan niya kung gaano kaganda si Ysabella.

Hindi niya iyon naisip dahil sigurado siya na hangga't naniniwala ang dalaga sa hula ni Tandang Selya, ay siya pa rin ang mamahalin nito. Pero ano ang mangyayari kung magbago bigla ang ihip ng tadhana? Would she still be able to love him like he was everything to her?

What the hell! Wala siyang pakialam doon dahil hindi naman siya interesado sa dalaga. Walang ibig sabihin ang naging reaksyon niya nang nakaraang gabi; nabigla lang siya na may kasama itong iba.

“Hi!”

Naputol ang pagmumuni-muni ni Steven nang marinig ang tinig nito. Hindi ito makatingin sa kanya nang derecho. And she was blushing profusely making her look even lovelier than a rose in full bloom.

Napakunot ang noo niya dahil sa naisip. Roses in full bloom? Seeing her now, Ysabella was really on the peak of womanhood. Hindi na ito eighteen. She was more alluring than ever, subalit naroon pa rin ang kainosentehan sa mga mata nito.

“Hindi ka dapat bumabalandra nang ganyan

lang ang suot sa bahay ko, Ysabella,” tugon niya sa masayang salubong nito. He swallowed hard while looking at her body from the swell of her breasts down to her tiny waist and her lovely legs. Naramdaman niya ang pagtugon ng sariling katawan sa magandang larawan na nasa harapan niya.

“Sorry. Nakalimutan ko kasi iyong damit ko. Hindi na ako uulit.” Nahimigan niya ang embarrassment sa tinig nito.

At ano ba itong nararamdaman niya? Was he disappointed that he would not be able to see her in that state again? Pero hindi ba iyon naman ang tama?

Kung gusto niyang makaiwas sa tuksong hatid ng babaeng ito ay dapat na mag-set siya ng rules sa sariling pamamahay niya. Dapat na ipaalala niya sa sarili na hindi siya kailanman bibigay at magpapakasal dahil lang sa isang hula.

Tumango na lang siya at pagkatapos ay walang salitang iniwan ang dalaga at tumuloy na sa silid niya. Napasandal siya sa pintuan at pinakiramdaman ang pagpasok nito sa sariling silid. Napahawak siya sa kanyang dibdib; ramdam ang malakas na tibok ng puso niya. Of course, he would react like that; sino ba namang normal na lalaki ang hindi maapektuhan kapag nakakita ng babaeng mabango at nakabalot

lang ng tuwalya? Normal lang ang reaksiyon niya, wala siyang dapat na ipag-alala. Subalit nang maalala ang pagba-blush nito at ang nahihiyang ngiti sa mga labi ay mas lalong bumilis ang tibok ng puso niya.

Anak ng tipaklong! Sinabi na nga ba niya, hindi siya dapat pumayag na tumira sa bahay niya ang babaeng iyon. Kailangang gumawa siya ng paraan; tiyak na pagtatawanan siya ng mommy niya at ni Peter kapag bumigay siya—siya na matagal na nagpakipot, siya na todo tanggi sa atraksyon sa dalaga...

Muli ay namura niya ang kanyang sarili at lahat ng heavenly bodies na may kinalaman sa mga predictions ng mga manghuhula sa mundo. Kinuha niya ang kanyang cellphone at tinawagan ang tao na makakatulong sa dilemma niya.

---

“Kuya, sino’ng sinisilip-silip mo rian?” Muntik nang mapatalon sa gulat si Steven nang marinig niyang magsalita mula sa likuran niya ang kapatid na si Peter.

At gaya ng isang kriminal na na-caught in the act, bigla siyang umalis sa crime scene at nagpanggap na walang kasalanan.

“Wala akong tinitingnan diyan, inaayos ko lang

‘yung kurtina.” Dinampot niya ang isang magazine at binuklat-buklat iyon. Mukhang hindi naman naniwala si Peter sa kanya kaya sumilip din ito sa labas.

“Akala ko ba wala kang gusto kay Ate Ysa, eh, bakit pinagmamasdan mo mula rito sa bintana?” nakangising anito.

Imbis na sumagot ay iniwan niya ito at lumabas na sa garden kung saan nakaupo ang dalaga sa isang bench. Nang medyo makalapit na siya rito ay inilabas niya ang kanyang cellphone.

“Hello, Ella, gusto mo bang mamasyal bukas?” tanong niya sa babae. Sa gilid ng mga mata ay nahuli niya na kanda-haba ang leeg ni Ysa sa pakikinig sa kanya.

“Nothing special, na-miss lang kita kaagad. I really enjoyed the last time we’re together,” aniya nang tanungin ng dalaga sa kabilang linya kung anong rason at bigla siyang nag-imbita.

Talagang masayang kasama si Ella. Kaklase niya ito noong college at naging partner-in-crime niya sa ilang pagkakataon sa buhay niya, kasama ang isa pa niyang kaibigan na si Codey.

“So ano, ’kita na lang tayo bukas? Susunduin kita sa work mo,” sabi pa niya na medyo nilakasan pa ang

bores upang sadyang ipirinig kay Ysa ang sinasabi. Nang sumagot ang kausap niya at nai-set na ang date nila ay nagpaalam na siya rito. “Okay, see you. Dream of me, okay?” malanding dagdag pa niya.

“Bangungutin ka sana,” narinig niyang bulong ng dalagang nakaupo sa bench.

Pinatay niya ang cellphone at agad na binalingan ito.

“May sinasabi ka?” kunot-noong tanong niya, nakatayo na ito sa tabi niya at hindi na nagpanggap sa pakikinig sa usapan nila ni Ella. Lihim siyang napangiti sa hitsura nito.

Nagbubuga ng apoy ang mga mata nito dahilan para iwasan niya ang mga iyon. Bumaba ang paningin niya sa maliit at matangos na ilong nito pababa sa mga labi nito na kahit madilim sa kinaroroonan niya ay alam niyang mamula-mula. Her lips reminded him of marshmallows, para kasing napakalambot ng mga iyon at napakatamis.

Mabilis na sinaway niya ang sarili mula sa tinatakbo ng isip. Hindi ito ang oras upang magpantasya siya kung gaano kalambot ang mga labi nito. He was here to get rid of her and save his poor self from the witch’s spell.

“Ah, alam ko na. Nagseselos ka na naman,” pang-iinis pa niya lalo rito.

Pinamaywangan siya nito. Sa pagkagulat niya ay biglang nanginig ang mga labi nito. Shit! Iiyak pa yata ito sa harapan niya.

“Ysa, huwag kang iiyak, utang na loob. Baka isipin ng mga dumadaan may ginagawa akong masama sa 'yo,” aniya sa dalaga. Lumunok ito ng ilang beses bago muling nagsalita.

“Talagang masama ka! Nakapasama mo! Sinasadya mo iyon, umamin ka.” Namumula ang mukha nito sa inis. Imbis na patulan ito ay natagpuan niya ang sarili na nakatulala sa mukha ng dalaga. Akalain ba niya na maganda pala si Ysa kapag nagagalit? She looked like a warrior princess—so fiery, so beautiful. Iyon ang unang pagkakataon na nagalit ito nang ganoon sa kanya, hindi niya alam kung paano siya magre-react.

“Kahit na ano'ng gawin mo, Steven, tayong dalawa ang para sa isa't isa. Iwasan mo man ako, sa akin ka pa rin babagsak,” dagdag pa nito na tila ba nagbabalak nang pikutin siya.

“You sound like an obsessive lover. Kahit pikutin mo ako, hinding-hindi ako pakakasal sa 'yo.

Tandaan mo iyan.” Pagkatapos niyang sabihin iyon ay tinalikuran na niya ito kaagad. Napansin kasi niya na lumunok na naman ito ng ilang beses. Ewan ba niya kung bakit parang ayaw niyang makita na umiiyak si Ysa lalo na at alam niya na siya ang dahilan niyon.

Mabilis na pumasok siya ng bahay nila. Muntik na siyang mapasigaw nang makita si Peter na nakatayo sa may likuran ng pintuan. Nakahalukipkip ito at matamang nakatingin sa kanya.

“What?” patay-malisya niyang tanong sa kapatid. Umupo siya sa sofa at binuksan ang TV.

“That was so childish. Just to remind you, Kuya, twenty-eight ka na, pero daig mo pa ang teenager kung mag-isip. Ano sa palagay mo ang makukuha mo kung pagseselosin mo si Ate Ysa nang ganoon?”

Hindi niya ito nilingon. Dahil matalino ang kapatid niya, tiyak na mahuhuli kaagad nito ang iniisip niya isang tingin lang sa mga mata niya.

“Simple lang, I’m getting rid of her. Nagsasawa na ako sa pag-intindi sa kabaliwan niya. Narinig mo ba ang sinabi niya kanina? Ganoon siya ka-obsess sa idea na kami ang para sa isa’t isa.” Litanya niya sa katabi habang tutok ang mata niya sa basketball game na pinapanood.

“P’wede mo namang i-ignore na lang siya. Bakit kailangang saktan mo pa siya? Kung sa akin na-in love si Ate Ysa, aba, ako na siguro ang pinakamasayang lalaki sa buong mundo,” dagdag pa ng kapatid niya na ikinatigagal niya. Biglang nagdilim ang paningin niya, hindi niya gusto ang mapait na emosyon na lumukob sa kanyang dibdib sa sinabi ng kapatid.

“In love ka ba kay Ysa?” derechong untag niya rito. Baka ma-in love ito sa ibang lalaki, kapag nakumbinsing hindi siya nito puwedeng mamaniplula. The thought was disturbing.

“It’s not what you think. She is pretty and cute. I also admire her guts, kumbaga, ideal siya. Pero hindi naman ako ganoon katanga para ma-in love sa kanya, Kuya. But I like her as a sister-in-law,” nangingiting sagot nito.

Napakamot siya sa ulo. Kahit ang mommy niya ay gusto rin kasi ang dalaga para sa kanya. Siya lang ang bukod-taging kontra sa love team nila, at magiging kontrabida siya hanggang sa huli. Hindi siya magpapakasal ng dahil lang sa isang hula, never as in never.

Tumango siyang muli at nag-concentrate sa panonood ng telebisyon. Tumayo naman ang kapatid sa bintana at muling pinagmasdan ang babae sa labas.

“Hindi mo lang alam, Kuya, pero si Ate Ysa ang isa sa pinaka-sincere na taong nakilala ko. She is always honest about her feelings, kahit pa alam niyang masasaktan lang siya.” Humarap ito sa kanya at seryosong tiningnan siya sa mga mata. “You just have to open your eyes, Brother, and see what a beautiful person Ate Ysa is. Kasi baka kapag nawala na siya sa buhay mo ay doon ka magsisisi. Mas pagtatawanan kita kapag nangyari iyon.” Tinapik siya nito sa balikat bago iniwan.

Huminga siya nang malalim; pinatay na rin niya ang telebisyon dahil kanina pa naman niya hindi naiintindihan ang pinapanood.

Kung si Peter ang nasa kalagayan niya ay malamang na mas malala pa ang gawin nito makawala lang kay Ysa. Binalikan niya ang nangyari sa garden nila; ang galit sa mukha ng dalaga at ang hinanakit. Bumigat yata ang dibdib niya. Ilang beses siyang napalunok bago siya marahas na umiling.

“Stop it, Steven. Ito ang gusto mong mangyari. There’s no reason to feel guilty, ang dapat mong gawin ay mag-celebrate dahil sa wakas ay malapit nang mawala sa landas mo si Ysabella,” mahinang bulong niya sa kanyang sarili.

Huminga siya nang malalim at tinungo ang

*Fate Meets Love - Chelsea Enriquez*

---

bintana. Nagulat siya nang makita pa rin doon ang dalaga. She was looking at the stars, a wistful smile on her lovely lips.